

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 10, 2020

Pakikipag-ugnayan: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ipinakikilala ng Long Beach Public Library ang Virtual Summer Reading Program at Walang-kontak na Pick-up na Serbisyo

Long Beach, CA -Ang Long Beach Public Library(LBPL), na nananatiling sarado sa publiko, ay naglulunsad ng virtual na bersyon ng sikat na programa sa pagbabasa sa summer, na magsisimula live sa [Facebook page ng LBPL](#) sa tanghali sa Sabado, Hunyo 13. Ang LBPL ay magsisimulang mag-alok ng walang-kontak na pick-up na serbisyo sa Hunyo 23 sa pamamagitan ng bago nitong programa, LBPL To-Go.

“Ang aming mga aklatan ay pangunahing bahagi ng aming komunidad,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ito ay mas mahalaga sa panahong ito para sa ating Lungsod na magbigay ng access sa koleksyon ng aklatan na ito, pati na rin ang oportunidad sa pang-aaliw at pagbuo ng kasanayan para sa ating mga pamilya na magkasamang maranasan.”

Summer reading na programa:“Maghukay ng Malalim: Magbasa, Mag-imbestiga, Tuklasin!” magaganap mula Hunyo 13 hanggang Hulyo 25 sa pamamagitan ng website ng LBPL. Ang anim na linggong programa sa pagbabasa sa summer ay magagamit ng mga kabataan, tinedyer, at matatanda. Ang mga gusto sumali ay maaaring [mag-registro online](#) gamit ang digital na plataporma ng pagbabasa sa summer, isang web at mobile-friendly na aplikasyon na nagpapahintulot sa mga gumagamit na ilagay ang kanilang binabasa at aktibidad, matupad ang gustong makamit, at tumuklas ng mga bagong libro.

“Ginagamit ng mga tauhan ng aklatan ang bawat tool na magagamit upang mag-alok ng serbisyo sa aming mga residente sa mga oras na ito,” sabi ni Glenda Williams, Direktor ng mga Serbisyo sa Aklatan. “Ang aming bagong online na plataporma para sa

programa sa summer reading ay libre, madaling gamitin, at pinahihintulutan ang mga pamilya na magbasa at matuto ng sama-sama.”

Ang programa sa summer reading ng aklatan ay naging posible sa suporta mula sa Long Beach Public Library Foundation at ang Friends of the Long Beach Public Library. Dahil sa kanilang suporta, ang LBPL ay nakakapag-alok ng mga libro at mga insentibo sa pagbabasa para sa mga kasali sa programa, at pinahihintulutan ang aklatan na mag-host ng espesyal na pagtatanghal ng mga propesyonal na tagapaglibang sa pamilya at mga tapagpturo.

LBPL To-Go: Simula Hunyo 23, ang LBPL ay magsisimulang mag-alok ng mga libro at mga DVD sa mga may hawak ng library kard na nasa mahusay na katayuan. Ang mga patron ng aklatan ay maaaring magreserba ng mga gamit online o sa pagtawag sa mga kasaling LBPL To-Go na mga aklatan sa regular na oras ng negosyo, Martes hanggang Sabado.

Walang-kontak na pick-up ay nasa mga sumusunod na LBPL To-Go na lokasyon:

- Billie Jean King Main Library - 200 W. Broadway, 562.570.7500
- Michelle Obama Neighborhood Library - 5870 Atlantic Avenue, 562.570.1047
- Mark Twain Neighborhood Library - 1401 E. Anaheim Street, 562.570.1046
- Bay Shore Neighborhood Library - 195 Bay Shore Avenue, 562.570.1039

Upang makapag-alok ng mga iba't ibang posibleng kakayahang umangkop para sa mga patron sa mga di inaasahang oras na ito, ang LBPL ay magpapalawak ng oras sa pag-checkout ng hanggang 30 araw para sa mga gamit na naka-check-out mula sa LBPL To-Go hanggang sa karagdagang paunawa.

Bilang paalala, ang mga hold na inilagay sa iba't ibang aklatan ng Lungsod bago magkaroon ng COVID-19 ay inilipat sa Billie Jean King Main Library. Ang mga patron ay maaaring mag-log-in sa kanilang mga account o tumawag sa anumang apat na LBPL To-Go na lokasyon simula Hunyo 23 upang magtalaga ng isang kapalit na LBPL To-Go lokasyon para sa pick-up.

Ang mga pagbalik ng mga libro sa 12 na mga aklatan ay magbubukas simula Hunyo 23. Isang 72 oras na kuwarantina ay ipinatupad para sa lahat ng ibinalik na gamit. Magresulta ito sa mga pagkaantala sa mga gamit na ibinalik at ang pag-alis sa mga rekord ng patron; gayunpaman, walang ipapataw na mga multa. Ang mga patron na

humiram ng mga libro bago ang pagsasara ng mga aklatan dahil sa COVID-19 ay magkakaroon hanggang dulo ng Hunyo upang ibalik ang mga gamit.

Sa simula ng COVID-19 pandemya, ang LBPL ay patuloy na naglilingkod sa mga residente ng Long Beach online sa pagbibigay ng mga e-book at audiobooks, mga mapagkukunan sa pag-unlad ng trabaho, tulong sa araling-bahay, virtual story time at mga video ng makerspace instruction.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa LBPL To-Go at ang summer reading na programa, ang mga residente ay maaaring bumisita sa website ng Aklatan sa lbpl.org o tumawag sa info line ng Aklatan sa 562-570-7500, Martes hanggang Sabado, 10 a.m. hanggang 5 p.m.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###